
Inihahandog ng

Bibliya Para sa mga Bata

# Si Esekiel: Lalaking Puno ng Pangitain



Isinulat ni: Edward Hughes

Inilarawan ni: Lazarus; Alastair Paterson

Ibinagay ni: Ruth Klassen

Isinalin ni: Dulia Penalber

Inilimbag at ipinamamahagi
ng Bible for Children
www.M1914.org

©2021 Bible for Children, Inc.
Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag,
ngunit hindi maaaring ipagbili.

Noong nakaraang panahon,inataki ng matatapang na mga kawalan ang Juda, at dinala sa Babilonia ang maraming mga taohan ng Panginoong Diyos bilang mga bihag.




Malayo sa kanilang mga tahanan, ang mga Hudyong ito ay nanirahan sa tabi ng ilog na tinatawag na Chebar. Ang isa sa kanila ay alagad ng Diyos, ang propeta na si Esekiel.



Isang araw, binigyan si Esekiel ng Panginoon ng isang pangitain. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay lumabas na maliwanag na ilaw, sa apat na buhay na apoy na linalang. Ang bawat isa ay may apat na mukha at apat na mga, pakpak.



Sa ibabaw nito ay magandang trono na sapiro, puno ng liwanag na parang balangaw. Nang nakita ito ni Esekiel, siya ay napadapa ang mukha sa lupa.




Nagsalita ang Panginoon kay Esekiel. “Ipayaon ko kayo doon sa mga anak ng Israel. Sabihin mo sa kanila ang aking mga salita, dahil sa sila ay mapaghimagsik sa akin.”




May kamay na lumabas, nakahawak ng rolyo. “Kainin mo ang rolyong ito,” ang sabi ng nginoon, “at pumunta ka, sabihin sa bahayan ng Israel.” Pambihirang mando! Ngunit si Esekiel ay sumunod, kinain ang rolyo at umalis.




Itinaas si Esekiel ng Espiritu ng Diyos at dinala siya doon sa mga Hudyong nabihag na nakatira sa ibang bahagi ng Ilog Chebar. Pitong araw siya doon nakaupo sa lugar na sila ay naupo, nagulat siya sa kanyang natanaw.




Ginawa si Esekiel ng Panginoon na tagmamasid. Siya ay magbigay ng abiso sa mga masasamang tao na hindi nila tangihan ang Diyos.






Si Esekiel ay gumawa ng maraming katakatakang mga bagay upang maunawaan ng mga tao ang Salita ng Diyos.




Kumamut o gumuhit ng isang larawan ng Herusalem sa kapirasong tisa na lupa. Marahil dumungaw ang mga tao sa kanyang likod habang siya ay gumuhit ng larawan ng dakilang hukbo nakapaligid sa Herusalem. Ilinarawan niya na ang banal na bayan ng Panginoon ay,ang Herusalem ay sisirain.

Ang Israel, kaharian sa dakung hilaga, ay sumuway sa Diyos ng 390 mga taon at Huda, ang kaharian sa dakung timog, 40 taon. Iyan ang dahilan na ang Israel ay nasira at ang Huda ay masisira din.




Sinabi ng Panginoon kay Esekiel na mahiga siya sa kaliwang gilid sa tagal ng 390 ng mga araw, samakatuwid ganon din sa kanan gilid ng 40 na mga araw,upang maalaala ng mga tao sa katagalan ng kanilang pagkakasala sa Panginoon.




Marahil ang mga taohan ay nagumpisa ng pagiisip na si Esekiel ay katakataka sa kanila. Ginawa niya ang lahat ng sinabi ng Diyos sa Kanya. Isang araw, nagpaahit siya ng buhok at sinunog ang pangatlong bahagi. Ito ay nagpakita na ang pangatlong bahagi ng mga tao sa Herusalem ay mamamatay ng mga sakit at gutom kung ang hukbo ng Babilonia ay atakihin ang bayan.






Kinuha ni Esekiel ang pangatlong bahai ng kanyang buhok at pinotol ng pitutol ito ng tabak.  Ito ay nagpakita na pangatlong bahagi ng mga tao ay mamamatay sa pamagitan ng mga tabak ng kalaban. Ang panghuling bahagi ng kanyang buhok, ay kinalat sa hangin.



Ngunit itinahi niya ng kunting buhok sa sidsid ng kanyang suot parang signal na may kunting maliligtas sa mga taohan at makabalik sa bayang ipinaku sa kanila.




Ang matapang na propeta ay nagsabi sa mga hihag na mga Hudyo ang mga bagay na darating na hindi mabuti, na inakala nila na umasa sila ng  masmabuti. Nagalit ang mga tao kay Esekiel, ngunit hindi siya huminto sa pagsasabi ng Salita ng Diyos.




Isang araw, habang kasama iya ang mga pastor sa Israel, binigyan si Esekiel ng pangitain. Sa pangitain, inalsa o binitin siya sa buhok at dinala siya sa templo ng Herusalem.




Doon sa templo, Pinakita ng Panginoon kay Esekiel ang mga bagay na gumagapang, maduming mga hayop, at mga imahen.  Ang mga ito ay hindi dapat sa loob ng templo ng Diyos.





Ang mga namumuno sa templo ay sumsamba sa mga bagay na ito sa halip na sambahin ang Diyos. Pinakita ng Panginoon kay Esekiel na ang Kanyang Kaluwalhatian ay wala na sa templo at ang templo ay sisirain.






Ang lahat ng sinabi ng Diyos ay natutupad. Ang Herusalem ay nabagsak. Maraming mga tao ay namatay. Nang ang mga Hudyong bihag sa Babelonia ay narinig ito, sila ay nagtaka kung sila ay binayaan na ng Diyos ng hanggangan.



Ngunit nagbigay muli ang Diyos ng ibang mensahe sa kanyang propeta.


Dinala si Esekiel sa labak na puno ng mga butong tuyo B mga buto ng mga tao.


“Anak ng tao, mabubuhay ba kaya ang mga butong ito?” Tinanong ng Panginoon si Esekiel. “O Panginoong Diyos, alam mo,” sumagot si Esekiel Talaga ang mga butong tuyo ay mabubuhay muli.




Ang sabi ng Panginoon, “Manghula ka sa mga buto, at sabihin ‘O mga tuyong buto, pakinggan ninyu ang salita ng Diyos! Kayo ay mabubuhay.’ ” Nang siya’y sumunod, si Esekiel ay nakarinig ng kaluntog na ingay. Ano kaya ang nakaluntog nito?




Habang tiningnan ito ng propeta sa kanyang gulat, ang mga katawan ay nagsilapit, dumikit sa bawat buto.




Pagkatapos, ang laman ay dumating sa mga buto.




At tinakpan ng balat sa ibabaw, ngunit walang hinga na lumabas.




Sinabi ng Panginoon, "Manghula, anak ng tao at sabihin 'Pumarito galing sa apat ng kahanginan o hinga. Huminga dito sa mga buto upang sila ay mabubuhay.' " Nang ginawa ni Esekiel nito, ang hinga ay dumating sa mga buto. Nabuhay sila, at tumayo.




Ang dakilang hubo ay dumating at pinuno ang labak. Alam ng Pang noon na ang mga bihag na Hudyo sa Babelonia ay nawalan na ng pagpagasa nang ang Herusalem ay bumagsak.  Nagpadala ng mensahe sa pamamagitan ng pangitain.




“Ang mga butong ito ay ang boung bahayan ng Israel.” Ang sabi ng Panginoon. “Lagyan ko ng Aking Espiritu kayo, at ilagay ko kayo sa inyung sariling lupain.”



Napakadakila na mensahe ng pagasa na galing sa Diyos! Ang mga pangako ng Diyos na ibigay kay Esekiel ay natupad nang ang mga Hudyo ay nagsiuwi sa kanilang sariling lupain.



Alam nila na ang Panginoong Diyos ang nagpauwi sa kanila.  Ang Salita ng Diyos ay talagang matutupad.



# Si Esekiel: Lalaking Puno ng Pangitain

isang kuwentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Esekiel 1-37

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

# Ang Wakas

Sinasabi sa kuwentong ito mula sa Bibliya ang tungkol sa ating kahanga-hangang Diyos na Siyang lumikha sa atin at nais Niya na makilala natin Siya.

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng masasamang bagay na tinatawag Niyang kasalanan. Ang parusa sa kasalanan ay kamatayan ngunit lubos ang pagmamahal ng Diyos sa atin kaya't ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si Hesus na Siyang napako at namatay sa Krus upang pagbayaran ang ating mga kasalanan.

Subalit hindi nanatiling patay si Hesus. Nabuhay Siyang muli at bumalik sa langit! Kung mananampalataya ka kay Hesus at hihingi ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, papatawarin ka Niya. Siya ay darating at mananahan sa iyong buhay magpakailanman.

Kung ibig mong maligtas at mapatawad sa iyong kasalanan, narito ang isang panalangin na maaari mong tularan:

“Mahal kong Diyos, naniniwala po ako na si Hesus ay namatay para sa akin, ngunit Siya ay nabuhay muli. Tinatanggap ko po kayo sa aking buhay at patawarin Ninyo po ako sa aking mga kasalanan upang ako'y magkaroon ngayon ng bagong buhay, at sa isang araw ay makasama Kayo magpakailanman. Tulungan po Ninyo akong mamuhay bilang Inyong anak. Amen.”

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Diyos araw-araw! Juan 3:16